# Ang sinumang nanumpa sa iba pa kay Allah, tumanggi nga siyang sumampalataya o nagtambal nga [kay Allah].

Ayon kay `Abdullāh bin `Umar, malugod si Allāh sa kanilang dalawa: "Ang sinumang nanumpa sa iba pa kay Allah, tumanggi nga siyang sumampalataya o nagtambal nga [kay Allah]."
[Tumpak.] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy]

Nagpapabatid ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, sa ḥadīth na ito ng isang impormasyong ang kahulugan nito ay ang pagbabawal: ang sinumang sumumpa sa iba pa kay Allah, gaya ng sa mga nilikha, ay gumawa nga sa sinumpaang iyon bilang isang katambal kay Allah at tumangging sumampalataya kay Allah dahil ang panunumpa sa anuman ay humihiling ng pagdakila rito. Ang kadakilaan sa totoong kahulugan ay ukol lamang kay Allah, tanging sa Kanya, kaya hindi manunumpa malibang sa Kanya o sa isa sa mga katangian Niya.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3359